

San Francisco Department of Public Health

Para sa Mga Magulang at Tagapag-alaga: Mga Pagsusuri sa Kalusugan para sa COVID-19

Susuriin ng programa ng iyong anak ang anak mo para sa mga sintomas ng COVID-19 araw-araw, pagkarating niya. Kung ang iyong anak ay “medyo” may sakit, huwag siyang papasukin!

HAKBANG 1: PAGSUSURI KUNG NALANTAD SA COVID-19 AT MAY MGA SINTOMAS NITO



Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Nagkaroon ba ng close contact ang iyong anak sa sinumang may COVID-19 sa nakalipas na 14 na araw?

Sumagot ng OO kung ang iyong anak ay

- Nanatili sa loob ng 6 na talampakang distansya mula sa isang taong may COVID-19 nang 15 minuto o mas matagal pa sa kabuuan sa loob ng 24 na oras, kahit na pareho silang nakasuot ng mask O
- Nakasama sa cohort/pod ng isang taong may COVID-19

Habang nakakahawa ang taong may COVID-19 at posibleng nahawahan niya ang iyong anak.

Dapat manatili sa bahay ang iyong anak sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng kanyang huling close contact sa taong may COVID-19, kung sakaling nahawahan siya.


Nakakahawa ang mga taong may COVID-19 simula 2 araw bago magsimula ang kanilang mga sintomas hanggang sa hindi bababa sa 10 araw pagkatapos magsimula ng kanilang mga sintomas. Itinuturing na nakakahawa ang mga taong walang sintomas mula 2 araw bago sila magpositibo sa pagsusuri hanggang 10 araw matapos silang masuri.

2. Nakakaranas ba ang iyong anak ng alinman sa mga sintomas na ito sa nakalipas na 24 na oras, kasama ang araw na ito?

- Lagnat o panlalamig
- Ubo
- Pamamaga ng lalamunan
- Pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga
- Pagkawala ng panlasa o pang-amoy sa nakalipas na 10 araw.
Puwedeng sabihin ng mga bata na “hindi masarap” o “kakaiba ang lasa” ng pagkain.
- Sakit ng ulo
- Pagtatae, pagduruwal o pagsusuka

Sumagot ng OO kung ang sintomas ay BAGO o IBA sa karaniwang nararanasan ng iyong anak, o HINDI MAIPALIWANAG. Narito ang isang halimbawa.

- May hika ang iyong anak. Madalas siyang ubuhin kapag nag-eehersisyo o may allergy. Pangkaraniwan ang ubo niya → HINDI, hindi ito bago o iba. Mas malala ang kanyang ubo kaysa sa karaniwan at iba ang tunog nito kumpara sa dati → OO



San Francisco Department of Public Health

Magtiwala sa nararamdaman mo. Ikaw ang pinakanakakaalam sa hitsura at pagkilos ng iyong anak kapag magkakasakit siya.

HAKBANG 2: PAGSUSURI PARA SA LAGNAT



Maaaring kunin ng paaralan o programa ng iyong anak ang temperatura ng iyong anak para malaman kung may lagnat siya. Puwedeng hilingin sa iyo ng ilang programa na kunin mo na lang ang temperatura ng iyong anak sa bahay gamit ang isang thermometer.

May lagnat kapag ang temperatura ay lampas 100.4° F.

Kung May Mga Sintomas Ang Iyong Anak



Dapat manatili sa bahay ang iyong anak hanggang sa matugunan niya ang mga kondisyon para makabalik sa paaralan, childcare, o programa. Makipag-ugnayan sa regular na provider ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak para maipasuri ang iyong anak. HINDI kailangang manatili sa bahay o magpasuri ang mga magulang, kapatid, at iba pang taong kasama ng anak mo sa bahay, maliban na lang kung mayroon din silang mga sintomas o maliban na lang kung magpositibo sa pagsusuri ang iyong anak.

PAGBALIK SA PAARALAN, CHILDCARE O IBANG PROGRAMA PAGKATAPOS MARANASAN ANG MGA SINTOMAS NG COVID-19



Kung susuriin ang iyong anak, puwede siyang bumalik pagkatapos ng

- Negatibong pagsusuri para sa COVID-19 **AT**
- 24 na oras na walang lagnat, nang hindi umiinom ng gamot para mapababa ang lagnat, gaya ng acetaminophen (Tylenol) o ibuprofen (Advil, Motrin), **AT**
- Bumubuti ang mga sintomas. Hindi kailangang ganap na gumaling ang mga sintomas.

Dapat kang magpakita ng katibayan ng negatibong resulta ng pagsusuri ng iyong anak, halimbawa, ng resulta ng pagsusuri o mensahe mula sa klinika o site ng pagsusuri na negatibo ang resulta ng pagsusuri. Kapag nagpasuri ang iyong anak, ipaalam sa klinika o site ng pagsusuri na kakailanganin mo ito. Kadalasan, ito ang pinakamabilis na paraan para makabalik ang iyong anak sa programa.


Kung hindi susuriin ang iyong anak, puwede siyang bumalik pagkatapos ng



- 10 araw mula noong unang naranasan ang mga sintomas **AT**
- 24 na oras na walang lagnat, nang hindi umiinom ng gamot para mapababa ang lagnat, gaya ng acetaminophen (Tylenol) o ibuprofen (Advil o Motrin) **AT**
- Bumubuti ang mga sintomas.

Mga Exception: Tala ng Doktor o Tala mula sa Klinika

Kung minsan, malinaw na iba ang dahilan ng mga sintomas ng isang bata, gaya ng strep throat o hand-foot-and-mouth disease. Sa ganitong sitwasyon, puwedeng i-clear ng provider ang isang bata para makabalik sa kanyang paaralan o programa. Hindi ito nangangahulugang walang COVID-19 ang bata. Maraming batang may COVID-19 ang walang anumang sintomas. Ang ibig sabihin lang nito, nakakita ng partikular na sanhi, na iba pa sa COVID-19, para sa mga sintomas na naging dahilan para hindi makabalik ang bata sa programa.



San Francisco Department of Public Health

Kung mayroon kang tala mula sa doktor o klinika na nagsasabing puwedeng bumalik nang mas maaga ang bata, dapat tanggapin ng programa ang tala, kahit na sabihin ng magulang na hindi nasuri ang bata para sa COVID-19. Puwedeng email, electronic na mensahe, o bahagi ng buod pagkatapos ng pagpapatingin ang nasabing tala.

PAGPAPASURI SA IYONG ANAK PARA SA COVID-19

Tawagan ang regular na provider ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak. Kung walang regular na provider ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong anak, makipag-ugnayan sa klinika sa health insurance card ng iyong anak.

Kung walang insurance sa kalusugan o regular na provider ang iyong anak, tumawag sa:

- Call Center ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) para sa Appointment ng Bagong Pasyente para sa COVID-19 sa 415-682-1740
- Mission Neighborhood Health Center sa 415-552-3870 x2217

Kung kailangan mo ng klinika na puwedeng tumingin ng mga batang mula sa mga pamilyang mababa ang kita para sa libreng pagsusuri ng bata habang walang sakit, at maitala siya sa pansamantalang Medi-Cal (CHDP Gateway), tingnan ang https://www.sfdph.org/dph/files/MCHdocs/CHDP/CHDP_Provider_List_2020.pdf